



Gifu Prefectural Board of Education Compulsory Education Division/High School Education Division

Tungkol sa paggamit ng "Interactive Generation AI" ng mga estudyante sa elementary/junior high school at sa high school.

Mahal na mga Magulang, Pag-isipan kasama ang inyong anak ang tungkol sa paggamit ng "Interactive Generation AI" gaya ng ChatGPT .



Q1 Maaari bang gumamit ang mga bata ng Interactive Generation AI ?

Ang mga tuntunin para sa paggamit ng mga Interactive Generation ayon sa kumpanya na ginawa ang mga AI na iyon ay nagtatakda ng limitasyon sa edad tulad ng sa mga sumusunod.

- ▶ ChatGPT (OpenAI) : Kailangan ng pahintulot ng magulang para sa edad 13 pataas at wala pang 18
- ▶ Bing Chat (Microsoft) : Dapat maging adulto, ang mga menor de edad ay kailangan ng pahintulot ng magulang
- ▶ Bard (Google Inc.) : 18 taong gulang o mas matanda

Gayunpaman, kahit ang anak mo ay 13 taong gulang o mas matanda, o kayong mga magulang ay nagbigay ng pahintulot, hindi ito nangangahulugan na magagamit iyon ng anak mo ayon sa kaniyang gusto.

Q2 Bakit dapat tayong mag-ingat sa paggamit ng Interactive Generation AI ?

Ang Interactive Generation AI ay isa na bumubuo ng mukhang makatuwirang mga sagot sa istatistika na paraan mula sa maraming impormasyon na hindi sigurado kung iyan ay totoo o hindi.

Ang mga sagot nito ay palaging "posibleng may mali".

Minsan, maaaring nakalimbag ang "content na ganap na naiiba sa katotohanan" o "content na lumalabag sa copyright" na parang ito ang tamang sagot.

Kaya kinakailangang magkaroon ng saloobin ng "magpasiya sa iyong sarili" sa bandang huli, at huwag magtiwala sa mga nilalaman na nakalabas.

Epektibo rin na gagamitin ito ng magulang at mga anak nang magkasama, at paalalahanan sila na maaaring lalabas ang "maling mga sagot".



(Halimbawa, maiisip ang sumusunod na pag-uusap)

Bata: "Ano ang puwede kong itanong dito?"

Magulang: "Kung gayon, bakit hindi ka magtanong tungkol sa tren na alam mo nang mabuti?"

Bata: "Okay, magtanong ako tungkol sa △△△△△△."

- Input sa Interactive Generation AI → Output -

Magulang: "Kumusta? Tama ba iyon kumpara sa nalalaman mo?"

Bata: "Huh? Parang iba ang tren sa pangungusap na ito."

Magulang: "Bakit hindi mo hanapin ang sagot sa isang libro upang malaman kung totoo ba iyan?"

Bata: Ay! Mali iyan gaya ng naisip ko."

Magulang: "Oo. Maaaring sumulat ang sistemang ito ng mali na para bang totoo, kaya gamitin natin ito nang matalino."



Q3 Puwede bang gumamit ng Interactive Generation AI para sa mga sining sa summer vacation at pagsulat ng mga impression sa pagbabasa?

- Depende sa patakaran para sa pag-aaplay, maaaring maging hindi naaangkop o mandaraya.
- Kung gagamitin mo ang sagot nito, hindi ka matututo sa pamamagitan ng aktibidad at hindi ito magiging kapaki-pakinabang sa iyo.

* Kahit na may pahintulot sa paggamit nito, gawin ang sumusunod.

- Mag-verify kung totoo ba ang impormasyon ng produkto
- Tukuyin anong Interactive Generation AI tool ay ginamit at ang petsa
- Tukuyin ang mga pagsipi at sanggunian (Huwag gamitin ang impormasyon na hindi tiyak)
- Tukuyin ang mga direktiba na ipinasok mo sa Generation AI tool at ang listahan ng mga sagot nito, atbp.

